

# 1

“Isinusumpa kita, *Ginebra!*” buong-ngingit na naibulalas ni Jerry habang papalabas ng unibersidad kasunod ang kaibigan at kaklaseng si Mario.

Yuko ang kanyang ulo at nakapamulsa ang dalawang kamay habang marahang naglalakad.

Lunes na Lunes, napakasaklap ng nangyari sa kanya.

Matindi ang kalasingan niya kagabi kaya tinanghali siya ng pasok sa first subject para sa araw na iyon, ang Philosophy. Nagkataon pa namang madamot na professor ang may hawak ng subject na iyon. Ayaw siya niyong bigyan ng special quiz.

“Ikaw naman kasi. First time mong maglasing, i-solo flight ba naman ang isang boteng gin! Kung tinawagan mo ba ako, di nasaluhan kita. Hindi sana ganoon kalakas ang tama mo!” tatawa-tawang kanyaw ni Mario sa kanya.

Tinapunan niya ito ng matalim na tingin. Kanina pa dada nang dada si Mario at mukhang wala naman itong magandang ideya na maaari sanang makatulong sa problema niya.

And speaking of problem... heto, sumulpot pa mandin iyon sa mismong daraanan niya. Minamalas nga yata siya ngayon!

Heto na ang kanyang ex-girlfriend, si Linna Gonzales at kasabay nito ang taong nagpakulimlim sa dati ay maaliwalas niyang mundo, si Maia Frianeza. Masasalubong niya ang dalawang mukhang masayang nag-uusap. Dagli niyang inutusan ang mga paang umiba na lang ang daan ngunit parang awtomatikong nag-freeze ang mga iyon.

Natigil rin sa paglakad si Mario.

Mabilis na nag-flashback sa utak ni Jerry ang rason kung bakit kaulayaw niya ang bilog na bote kagabi...

Four months na silang mag-steady ni Linna nang bigla na lang itong nakipagkalas sa kanya. Hindi raw nito sinasadyang may magustuhang iba at magiging unfair na raw for both of them kung ipagpapatuloy pa nila ang kanilang relasyon. Tinanong niya kung sino ang ipinalit sa kanya ngunit ayaw umamin ni Linna.

Last week ay nakarating din sa kanya ang katotohanan, courtesy of Richie, ang kaibigan nila ni Mario na classmate din nina Linna at Maia sa Computer Science.

*Surrender To Me, My Love - Yumi Sagara*

---

Ang matindi pa, ang mysteryosong third party na iyon ay kabilang pala sa third sex! Iyon ang masakit sa kanya, ipagpapalit na rin lang siya, sa isang tomboy pa!

At iyon nga ay si Maia Frianeza, wearing jersey number twenty-four at power forward ng women's basketball team ng university.

Pa-consuelo-de-bobo na lang siguro ni Linna ang hindi nito tahasang pag-amin sa kanya upang hindi naman gaanong maapakan ang ego niya bilang lalaki.

Ang balita pa ni Richie sa kanya, matagal na palang may kumakalat na tsismis sa ComSci Department na parang nagkakaigihan na sina Maia at Linna. Sayang nga lang at hindi nasagap kaagad ni Richie ang balitang iyon. Kahit sana papaano ay nakapaghandanda-handa siya. Baka inunahan niya na lang si Linna sa pakikipag-break sa kanya para hindi naman gaanong kahiya-hiya.

Ang saklap namang isipin—siya, si Jeremias Florendo III, ipinagpalit ng kanyang girlfriend sa isang babaeng nagpapakalalaki. Insulto. Big time!

“Shit!” usal ni Jerry. Iyon lang ang pinakabrutal na murang nabitawan ng kanyang bibig ukol sa masamang tanawing nasa harapan niya ngayon.

Nagtama ang mga mata nila ni Linna. Deadma lang ang dating nobya. Napatingin din sa kanya si Maia. Wala siyang maaninag na kahit kaunting bahid ng guilt sa facial expression nito.

*Bakit naman 'yan magi-guilty?* sigaw ng kanyang isipan. *Walang dudang nagbubunyi ngayon ang tibong 'yan.* Naisahan lang naman nito ang isang tunay na lalaki.

Parang walang anumang nilampasan lang siya ng dalawa.

Nakangising umakbay si Mario sa kanya. “Ganyan talaga ang buhay, P’re. Una-unahan lang ’yan!”

Iwinaksi niya ang kamay nito. “Isang-isa na lang, Mariano at manghihiram ka na talaga ng mukha sa aso ng kapit-bahay n’yo!” pikong singhal niya.

Hindi makatarungan ang lahat ng ito. Wala siyang ginagawang masama to deserve any of these humiliations.

Bigla namang na-erase ang ngisi ni Mario. Napansin kasi nito na laging maiinitin ang ulo ng kaibigan at tila malalim ang iniisip. Sa unang pagkakataon, may binabalak si Jerry na hindi kayang tantuhin ni Mario.

“May tonsillitis ka ba, Jerry?” puna ni Jeremias Florendo II sa anak habang naghahapunan sila.

Uminom muna ng tubig si Jerry upang itulak ang pagkain sa kanyang lalamunan. “Wala, Papa,” pagkuwan ay sagot niya.

“Kalahating oras ka na yatang ngumunguya diyan. Wala naman akong maalalang nakalagay na bawal ang lumunok sa mga house rules natin.” Sumubo ulit ng kanin si Jerry. “May problema ka ba, Jerry?”

Umiling lang ang tinanong.

Kumunot ang noo ng ama. “Nag-malfunction ba ang mga bituka mo’t sa bibig mo na ginagawa ang final digestion?”

Lumunok si Jerry. “Si Papa, overacting!” asik niya.

“Ano nga ba ang nangyayari sa ’yo, Anak?” Napapansin kasi nito ang madalas na kawalan ng kibo ni Jerry. “May professor bang huma-harass sa ’yo? Sabihin mo sa akin, huwag kang matakot.”

Bumuntong-hininga si Jerry. “Wala akong problema, Pa. Don’t worry.”

Ipinagpatuloy nilang mag-ama ang pagkain.

Pumanaw na ang ina ni Jerry noong siya ay pitong taong gulang pa lamang. Empleyada ito noon sa bangko at nabangga ang sinasakyan nitong pampasaherong jeep papasok sa opisina.

Sa loob ng siyam na taon, mag-isa siyang pinalaki ng ama. Wala naman maipipintas si Jerry satrato ng kanyang ama. Hindi ito istrikto, ngunit hindi rin naman nagbibigay ng sobrang kalayaan. Nasa moderasyon ang lahat ng ibinibigay nito sa kanya.

Hindi pa rin matahimik ang ama, kinulit pa rin nito si Jerry habang magkatulong nilang nililigpit ang pinagkainan. “Mukhang lagi ka yatang tahimik ngayon,” pasakalye nito.

Walang latoy na sumagot ang binatilyo. “Tinatatamad lang akong dumaldal, Papa.”

“Eh, bakit?”

“Wala. Trip lang!” asar na sikmat ni Jerry.

## 2

“Hindi mo alam?”

Sunud-sunod na iling ang naging kasagutan ni Maia sa tanong na iyon ng kaibigang si Leo.

Aware siyang matagal nang pinagdududahan ang gender niya ng mga taong hindi pa nakakakilala sa kanya nang lubos. Pero wala siyang pakialam kung pagkamalan man siyang tibo. Kilala niya ang sarili. Wala siyang insecurities. At lalong wala siyang panahong paliwanagan isa-isa ang mga nang-iintriga na hindi por que agresibo siya sa paglalaro ng basketball ay isa na siyang lesbian.

Pero sobra na yata ang isyung kinasasangkutan niya ngayon. May sinulot daw siyang syota ng lalaki!

“Bakit ba nila binibigyan ng malaswang kahulugan ang pagiging malapit sa akin ni Linna?” kunot-noong naitanong niya.

“Naniniwala naman ako sa iyo, Maia. Pero kalat na kalat na talaga ang tsismis.”

Sumipsip siya ng lemonade, inubos ang natitirang burger at ibinuslo ang supot niyon sa kalapit na trash

can. Nasa cafeteria sila ng unibersidad.

“Alam mo ba,” pagpapatuloy ni Leo, “kay Linna ako nagdududa. Kakaiba kasi ang closeness niya sa ’yo mula nang magpaturo siya ng basketball para sa P.E. class ninyo.”

“Ang ibig mong sabihin, may gusto sa akin ang lukaret na iyon?” bulalas niya.

Hindi naman siya homophobic. Wala siyang pakialam sa mga teammates niyang lesbian at may karelasyong mga babae. Pero mukhang magko-collapse yata siya ngayong may babae raw na nagkakagusto sa kanya, dahil sa inaakala nitong isa siyang tibo.

“Siguro sa ’yo nahanap ni Linna ang hindi niya makita-kita sa mga naging boyfriends niya.”

“Aba, wala na akong kasalanan d’on! Utak-dilis naman pala ang babaeng ’yon, eh!”

Pero naisip niya, ang pangit din pala ng pakiramdam kapag pinagbibintangan kang nang-agaw ng syota ng iba. Lalo pa at lalaki ang inagawan daw niya!

“Minsan naman kasi ay magdamit-babae ka para makontra ang macho image mo sa hardcourt. Kahit



naman kasi sa labas ng laro ay dala-dala mo pa iyang kabruskohan mo,” komento nito.

Tumayo na siya at isinuot ang dark green na backpack. “Sa ganito ako, eh. Walang pakialamanan.”

Nagtaas na lang ng mga kamay si Leo tanda ng pagsuko. As usual, hindi mababali ang prinsipyo ng kaibigan nito. Naglakad sila palabas ng campus habang palihim na sinisipat ni Leo si Maia.

Red and blue baseball shirt, oversized white denims at gray rubbershoes ang suot ni Maia. Maikli ang buhok, walang bahid kahit na baby powder ang mukha. Mabilis at derechong maglakad, walang finesse ang bawat kilos at magaspang magsalita...

Napailing si Leo sa ginawang assessment sa kaibigan. Hindi nito masisisi ang ibang tao kung pagkamalan man nilang tomboy si Maia. Kung hindi lang sila parehong lumaki sa iisang lugar, malamang na ganoon din ang iisipin nito.

---

“Wala na ba kayo ni Linna?” usisa ni Daniella kay Maia. Bagong pasok ito sa varsity team at kasalukuyan silang nagpa-practice.

Umikot siya habang maingat na nagdi-dribble.

Matindi ang banat ng rookie sa kanya. “Bakit, naging kami ba, ha?” aniya na sinabayan ng isang fade-away shot. Pasok ang bola sa ring.

Sarkastikong ngumiti siya kay Daniella. “Parang maling club yata ang napasok mo, doon ka dapat sa school paper natin.”

Pumalampak ang team captain nilang si Grace. “Pack-up na!” sigaw nito, feeling direktor ng pelikula.

Naghihintay sa labas ng locker room si Linna nang papasok doon ang grupo nina Maia upang magbihis. Nagbulungan ang mga teammates niya ngunit hindi niya pinansin ang mga ito. Nagpaiwan siya sa may pinto.

“Iniiwasan mo ba ako, Maia?” tanong kaagad sa kanya ni Linna.

“Salamat naman at nahalata mo rin.”

Lumapit ito sa kanya. “What’s wrong with you? Akala ko pa nama’y nagkakaintindihan na tayo.”

Pinigil niya ang sarili na singhalan ito. “Sa kasamaang-palad ay maling-mali ang akala mo. Buti pa, balikan mo na lang ’yong uhuging dating syota mo. Baka ’kandaiyak na iyon ngayon, kawawa naman...” Nilampasan niya ito.

Pero gusto pa yatang magmakaawa ni Linna sa kanya. “M-Maia...”

Pero hindi iyon tatalab sa kanya. “Sa lahat ng ayaw ko ay iyong mahabang paliwanagan. If you don’t mind, magbibihis pa kasi ako. *Adios!*” At nagtuluy-tuloy na siya sa loob ng locker room.

“Hirap maging sikat, ano?” salubong sa kanya ni Grace. “Heto, may bago ka na namang admirer.” Iniabot nito sa kanya ang hawak na tatlong pulang rosas.

Inilapag niya lang ang mga iyon sa bench. Ni hindi niya binasa ang laman ng maliit na card na kasama ng mga bulaklak.

Nang-intriga naman si Grace. “Nandito na ’yan pagpasok namin. Ipinasok siguro ng janitor. Siguradong hindi ’yan galing kay Linna, sa lalaki kasi ang penmanship!”

Nagtanggal siya ng sapatos. “Hindi pa naman ako tigok para alayan ng bulaklak. Pero puwede na ring gawing air freshener ang mga iyan dito. Amoy patay na daga ang hangin, eh!” pasaring niya sa team captain na nasa severe state na yata ang alipunga sa mga paa.

Hindi na ito nagsalita pa, natameme. Bitbit ang

tuwalya ay pumasok siya ng banyo. Paglabas niya ng gym ay hindi niya inaasahan ang nakita at mukhang siya yata ang hinihintay nito.

Ito na ba ang binansagan niya kaninang *uhuging dating syota ni Linna*? Ano ang nangyari sa buhok nito? Napag-initan yata ng barbero!

“Para ka yatang nakakita ng multo,” bati nito sa kanya nang matapat siya rito.

Tumigil siya sa paglakad. Buong-taray niyang hinarap ang lalaki. “Hinahanap mo ba ang nawalay mong syota? Pasensya ka na, pero wala siya sa akin, eh!”

“Bakit ko naman hahanapin ang alam kong wala na?”

*Aba’t antipatiko din pala ang kumag!* Ang tingin niya kasi rito noon ay mahiyain at tipong hindi kayang tumiris kahit ng langgam.

Napakamot siya sa ilong. “Teka... ahm, Jeremias, di ba?”

“Tama.”

“Alam ko’ng iniisip mo, okay? Pero hindi ko ugaling mang-agaw ng syota ng iba. Kung iniwan ka man ni Linna ay wala na akong kinalaman pa doon.

Sarili niyang kagustuhan iyon. And honestly, wala rin akong pakialam sa inyong dalawa.”

Bakit ba siya nagpapaliwanag? Nakokonsyensya ba siya? Pero mukhang hindi naman yata malungkot ang kaharap niya ngayon. Nakangiti pa nga ito nang maluwang sa kanya.

Nagkibit-balikat si Jerry. “Wala na akong magagawa kung mas gusto ni Linna na makarelasyon ang isang kabaro niya.”

Natapik ni Maia ang sariling noo. Pinandilatan niya ito. “Wala kaming relasyon, okay?”

“Mataray ka rin pala!” tila amused na turan ng lalaki.

“Higit pa sa pagtataray ang kaya kong gawin!”

Hinagod ng tingin ni Jerry mula ulo hanggang paa ang basketbolista. Sinikap niyang haluan ng pang-iinsulto ang bawat galaw ng kanyang mga mata.

Sa tantya niya ay two inches lamang ang taas niya kay Maia. May kaluwagan ang suot na pantalon at t-shirt ng babae kaya hindi gaanong maaninag ang hugis ng pangangatawan nito. All he could see was, she was quite tall. At maganda rin pala ito.

“Talaga lang, ha?” nang-uuyam na ani Jerry.

Naningkit ang mga mata ng babae. “Pasensyahan na lang tayo, Pare ko! Hindi ko na kasalanan kung sa tingin ni Linna ay mas lalaki ako kesa sa ’yo.”

Tumawa nang mahina si Jerry sa narinig. Ngunit sa loob-loob ay nasaling na naman ang durug-durog na niyang ego. Iyon ay kung mayroon pa ngang natitira sa ego niya!

*Talagang sing-lakas ng bagyo ang dating ng basketbolistang ito, ah. Nakakalalaki na!*

Ngunit handa pa rin siyang itayo ang bandera ng mga kalalakihan. Nagpakawala siya ng isang nakakalokong ngiti. “So, mas lalaki ka pa pala kesa sa akin. Hindi ka lang pala mataray, ilusyunada ka pa. Primera klase...”

“May sasabihin ka pa ba?” maanghang na sita ni Maia.

Kunwa’y nag-isip muna siya saglit bago sumagot. “Wala na. Wala na muna sa ngayon.”

“Kung ganoon, puwede bang tumabi-tabi ka diyan at ginagambala mo na’ng pag-uwi ko.”

Sa gulat ni Jerry ay ubod-lakas siyang binangga ni Maia sa balikat. Buti na lang at hindi naman ganoon kahina ang mga tuhod niya, kundi bumagsak

sana siya.

“Pagbibigyan kita ngayon!” pahabol niya sa papaalis na basketbolista.

Lumingon naman ito sa kanya sabay kantyaw ng, “Loser!”

Sinundan niya ito ng matalim na tingin.

Tama siya sa kanyang hinuha bago niya isinagawa ang pananambang kanina. Hindi siya kayang sindakin ni Maia Frianeza. And vice versa.

Nagsisimula na ang laro.

# 3

Tinitigan ni Jerry ang sariling reflection sa salamin sa loob ng kanilang banyo sa bahay. Matagal. Parang pinag-aaralan niya ang bawat anggulo ng kanyang mukha.

Hindi naman iyon ang kanyang pangunahing pakay sa pagharap sa salamin matapos maghilamos at mag-toothbrush. Gusto lang niyang tingnang mabuti kung bagay sa kanya ang bagong gupit. Halos ipinakalbo niya kasi ang ulo. Hindi niya alam kung ano ang nakain niya at nagdesisyong ipagupit ang dati ay clean-cut na buhok. Hindi naman siya naiinitan dahil medyo maulan-ulan pa naman ang panahon. Trip niya lang siguro.

Now he was staring at his own eyes. At may bago siyang naaninag sa mga iyon. He saw naughtiness na wala naman dati roon.

Weird. Parang nagbabago na yata ang kanyang image. Pati nga sarili niya ay nagugulat sa mga bagong inaasal niya.

Kanina lang ay halos makipagdebate siya sa kanilang professor sa Philosophy. Ikinagulat iyon ng



mga classmates niya dahil dati-rati naman ay hindi siya active sa mga class discussions. Hindi naman niya binalak magpasikat o magmarunong. It just happened. Maybe he just wanted the whole world to hear what was on his mind.

Nabubura na ba ang kanyang dating identity? Ibang tao na ba ang nakikita niya ngayon sa salamin? Hindi ba takot siyang maging radical sa lahat ng bagay? Pakiramdam niya kasi ay lalagnatin siya kapag may nasisira siyang rules and regulations. At wala siyang mabigat na rason upang maging dominante at mapusok. Napalaki siyang matino ng kanyang ama. Itinanim nito sa kanyang isipan ang paggalang sa sarili at sa ibang tao. At hindi niya ito binigo. Naging masunurin siyang anak. Hindi siya kailanman nang-agrabyado ng kapwa at hindi pa siya nasasangkot sa kahit na anong uri ng kaguluhan.

Pero dahil na rin yata roon kaya hindi gaaanong na-develop ang kanyang self-confidence. Takot siyang kumontra sa mga superior sa kanya o sa kagustuhan ng mas nakakarami. Lagi siyang nagdadalawang-isip bago sabihin ang nilalaman ng kanyang kalooban. Pinag-iisipan niya nang maigi ang kahirinatnan ng bawat aksyong kanyang gagawin. He even became a pessimist. Nagkaroon pa siya ng stage fright. He always consulted his father when everything

went wrong. Ni hindi niya maplano ang sariling kinabukasan. And he hated himself. Hindi lang siguro halata.

Ngunit ngayon ay parang unti-unti na niyang nahaharap ang tunay na sarili. Tatahakin niya ang landas na gusto niya kahit lumihis pa ito sa conventional na daanan ng mga taong nagmamalinis.

Blessing in disguise na rin siguro ang ginawa sa kanya ni Linna. Dapat nga ay hangaan pa niya ito dahil hindi ito natakot na ihayag ang tunay na nararamdaman kahit pa immoral iyon sa mata ng ibang tao.

But Maia Frianeza was another matter. At nasimulan na niya ang pakikipaglaro rito. Kailangan niya iyong tapusin.

He took one last look at his image in the mirror.

Hindi isang estranghero ang nakikita niya roon. He was looking at his real self. Ang tunay na Jeremias Florendo III.

---

“Buwisit na iyon! May balak yatang gawing flower shop ang locker room namin!” himutok ni Maia.

Pangatlong beses na siyang nakatanggap ng three red roses mula sa isang anonymous sender. Hindi gaya ng nauna, natagpuan niya ang mga sumunod sa pintuan ng locker room pagkatapos ng kanilang ensayo sa gym.

Hindi na ito nakakatuwa. Lalo na ang note na kasama ng huling natanggap niya: *I'll be watching you.*

She was not freaking out. Anxious lang siguro siya dahil nakapanood na siya ng movie about a stalker. At ayaw niya ng naging ending ng story na iyon. Namatay kasi ang bidang babae at may panibago na namang biktima ang lalaking stalker.

At medyo napapraning na rin yata siya. Minsan, palinga-linga siya kapag lumalabas ng bahay. Naiisip niya kasing baka may bigla na lang sumunggab sa kanya. Kapag naglalaro naman siya, pakiramdam niya ay may isang pares ng mga matang masusing pinagmamasdan ang bawat kilos niya.

“Fan mo lang siguro iyon, Maia,” ani Leo na hindi inaalís ang mga mata sa binabasang libro habang kumakain sila sa cafeteria. “Siguro’y may lihim na crush sa ’yo, nahihiya lang magsabi nang harapan. Takot sigurong umbagin mo.”

Umiling si Maia, hindi pinansin ang nanunuksong ngisi ng kaibigan. “Hindi, eh. Parang may nararamdaman akong kakaiba.”

Tumikhim si Leo. “Mukhang nagkakainteres ka na yata sa secret admirer mong ’yan, ah.”

“Gunggong! Ah, basta! I smell something fishy about it.”

Isinara ni Leo ang aklat. “Umiral na naman ’yang paranoia mo. Dapat kasi, Criminology na lang ang kinuha mong kurso. I think, bagay na bagay sa ’yo ang maging *NBI* agent!”

Napapitik siya. “Nice idea, Leonardo!”

“Magsi-shift ka na ng course?” maang na tanong nito.

Gusto niyang batukan si Leo. “Ang hina talaga ng IQ mo!” Lumapad ang ngiti niya. “Magiging real-life detectives tayo ngayon, Leo.”

Iimbestigahan nila ni Leo kung sino ang nagpapadala ng mga rosas. Dahil dapat nang matigil ang kabaduyang ito!

---

*Blossoms*. Iyon ang nakatatak sa likod ng munting

card na kasama ng pinakahuling bulaklak na itinaon ni Maia. Sinigurado niyang walang ibang tao sa locker room nang halukayin niya ang trash can doon.

Nilamukos niya ang card at muling idinakdak pabalik sa basurahan ang mga lantang bulaklak. Kumuha siya ng bola at naupo sa bench habang nagdi-dribble.

Dapat siguro ay unahin na muna nila ni Leo ang paghuli sa nag-iiwan ng mga bulaklak sa pintuan ng locker room. Doon daw kasi natagpuan ng janitor ang unang padala sa kanya. Ipinasok lang nito ang mga bulaklak sa loob ng locker room nang mabasa ang pangalan ng recipient sa maliit na card.

Kung hindi nila mahuhuli ang anonymous sender, isusunod nilang iimbestigahan ang *Blossoms* na flower shop. Baka-sakaling doon nila ma-trace ang pinanggagalingan ng mga rosas.

---

“Ano’ng ginagawa ng boteng ito sa ilalim ng kama mo?” Hindi pasigaw ang paninitang iyon ng ama ni Jerry ngunit may naramdaman siyang galit sa boses nito.

Hininaan ni Jerry ang volume ng TV. Tiyak kasing mahabang interogasyon ang magaganap ngayong

gabi.

“Sumubok lang akong uminom niyan, Papa,” sagot niya. Sasabihin rin ba niyang itinago niya ang bilog na bote para sana gawing souvenir?

Umupo ang kanyang ama sa tabi niya. “Bakit naman?”

Sasabihin ba niya ang tunay na dahilan? All his life ay kasalo niya sa kahit na anong suliranin ang kanyang ama. Pero sa unang heartbreak niya, ang tulong ng gin ang kanyang hiningi.

“Trip mo lang uminom, ganoon ba?” usisa uli nito.

Humarap dito si Jerry. “Gusto ko lang malaman kung paano ang malasing, Papa. Saka, nineteen na ako, puwede na akong pagbilhan ng liquor sa tindahan,” palusot niya.

“Sana lang ay nagsabi ka muna sa akin para naman nabigyan kita ng tamang pointers sa pag-inom.” Nilaru-laro nito sa kamay ang basyong bote. “O, ilang araw mo naman ito inubos?”

“One night lang, ‘Pa. Kalahating oras siguro.”

Biglang nahulog ang bote sa carpeted floor. Parang overacting naman yata ng reaksyon nitong

iyon. Lalo na nang umarangkada ang bibig nito. “Hindi ka ba aware sa alcohol intoxication? At hindi mo rin ba naiintindihan ang meaning ng ‘Drink moderately’? How could you be so irresponsible, Jerry! You could’ve killed yourself in your room nang hindi ko man lang nalalaman!”

“Pero ‘Pa, kasi—”

“Hindi naman kita pinagbabawalang uminom, Anak. Ang gusto ko lang ay magpaalam ka nang maayos at magtanung-tanong tungkol sa mga bagay na hindi mo pa nasusubukang gawin.” Medyo malumanay na ang boses nito.

“All right, I’m sorry.” Ngunit parang sa ilong lamang ni Jerry lumabas ang mga katagang iyon. “Alam ko nang mali nga ang nagawa kong iyon at nag-suffer na rin ako sa consequence niyon.”

“Well, kung ganoon, hahayaan na lang kitang matuto sa mga kamalian mo.”

“Oo, Papa. I think it’s about time na pagtiwalaan n’yo naman ako. Hindi na ako bata.”

Hindi na nagsalita ang kanyang ama. Ngumiti ito bago siya iniwan sa sala.

# 4

“Mission accomplished!” nakangiting bungad ni Leo sa gym kung saan kasalukuyang nagpapahinga si Maia mula sa practice. May tangan itong tatlong pulang rosas. “Nahuli ko ang nag-iwan nito sa labas ng locker room n’yo. Pero hindi raw sa kanya galing ang mga ito, Maia. May nakisuyo lang daw sa kanyang iwan ang mga ito nang palihim doon. And the bad news is, hindi niya iyon kilala.”

Ni hindi sinulyapan ni Maia ang mga bulaklak. Sumandal siya sa dingding, nagpunas ng pawis sa noo.

Nagpatuloy si Leo. “Mukha naman nagsasabi siya ng totoo.”

“One thing is for sure, nasa loob din ng campus ang hinahanap natin. Kung outsider man, puwedeng may access siya dito para makapasok,” saad ni Maia.

Medyo mahihirapan yata sila ni Leo. Puwede kasing pinagpapasa-pasahan muna ang mga rosas na iyon bago sumapit sa destinasyon. At maaari rin namang iba-ibang tao ang ginagamit ng ‘suspect’ kada magpapadala ito sa kanya.



“Ano na ngayon?” excited na tanong ni Leo. Mukhang na-enjoy nito ang first step ng kanilang *investigation*.

Napakamot siya sa ilong. “Plan B na tayo.”

Kinabukasan nga ay kinausap nila ang Officer-In Charge ng *Blossoms*. Pasimple nila itong tinanong kung may nagpapa-deliver ng three red roses sa kanilang unibersidad.

“Wala naman,” sagot nito. “Pero lately ay may laging bumibili rito ng three red roses. Mga lalaki, dalawa hanggang tatlo siguro sila. Mukhang mga estudyante rin, kagaya ninyo,” sabi pa nito na parang sinusuri sila nang maigi.

“Hindi ninyo ba natatandaan ang mga mukha?” tanong ni Leo.

Duda na ang babae. “Hindi gaano,” tugon nito. At parang gusto pa yata nitong pagtakpan ang mga identity ng mga costumers na iyon. “Bakit n’yo ba sila itinatanong?”

Imbis na sumagot, nagpaalam na si Maia at hinila pabalas ng shop si Leo.

“O, bakit?” ani Leo. “Puwede nating ipakuha ang mga pangalan ng mga iyon sa susunod na bibili sila,

di ba?”

“Mag-isip ka nga! Sa palagay mo ba, papayag ang babaeng ’yan na ipagkanulo ang mga costumers nila? Eh di, nabawasan sila ng kikitain. Business ’yan, tandaan mo.”

Bumalik sila sa campus, kapwa nag-iisip.

“Kung ganoon pala, Maia, higit pa sa isa ang secret admirers mo,” ani Leo habang naglalakad sila patungong library.

“Hindi rin.” Sinipa niya ang isang basyong lata ng *Coke* na nakakalat sa daan. “Puwede kasing napag-utusan lamang ang mga iyon. O magkakakuntsaba rin, pero iisa ang mastermind.”

“Paano ka naman nakakasiguro diyan?”

“Intuition, Leonardo! Ang hirap kasi sa inyong mga boys, mahihina ang mga pakiramdam n’yo.”

Bumilib sa kanya ang lalaki. “Maaari ngang estudyante rin dito ang mga iyon. At kung estudyante sila, sa kanilang vacant period sila puwedeng bumili sa *Blossoms*, puwede ring sa uwian o bago sila pumasok sa klase.”

Ginulo niya ang buhok ng kaibigang halos hanggang balikat lamang niya ang taas, “Yan, ganyan

nga! Paganahin mo paminsan-minsan iyang utak mo para naman hindi amagin diyan sa bungo mo!”

Kinabukasan ay minanmanan nila ang *Blossoms* sa oras ng mga breaktime nila ngunit nabigo sila. Wala silang nakitang bumili ng three red roses doon.

Pero hindi marunong sumuko si Maia Frianeza.

---

“O, ba’t mo ikinakahon ang mga iyan?” sita ng ama ni Jerry sa kanya nang makita siyang isinisilid sa kahon ang *Play Station* at ang mga disks ng games niyon. “Ayaw mo nang maglaro niyan?”

“Nakaka-bore na rin. At saka, matanda na ako para dito.”

Umupo ito sa sofa. Matagal-tagal na rin palang hindi sila nakakapaglarong mag-ama ng basketball sa videogame. “Paano na ang paborito mong *NBA* game diyan?”

“Parang wala nang challenge laruin.” Nilapitan niya ang ama nang maisara ang kahon. “Basketball na lang tayo ngayon sa plaza, Papa. One-on-one. Ang matalo, maghuhugas ng pinggan for one month!” hamon niya.

“Aba’y kailan ka pa nahilig sa tunay na basketball?”

Kilala nito ang anak. Jerry was not athletic. Hindi ito likas na mahilig sa mga physical sports.

“C’mon, Papa! Natatakot ba kayong ilampaso ng anak n’yo sa tunay na hardcourt?” biro pa niya.

“Gabi na. May pasok ka pa bukas.”

Ngumiwi si Jerry. “Alam ko namang Lunes na bukas. Hindi ninyo na kailangang i-remind pa pati pagpasok ko sa school.”

Hindi napigilang mapailing ni Jeremias II. His son was going through a phase at inaasahan na nito iyon.

Umupo si Jerry sa tabi ng ama. “May sasabihin pala kong importante sa inyo.”

Napahinga ito nang malalim.

“Gusto kong mag-shift ng course next sem,” simula ni Jerry.

“Bakit?”

“Hindi ko na gusto ang Computer Engineering, Papa. Gusto kong mag-shift sa Business Administration.”

“That means you have to transfer to another school dahil puro IT courses lang ang ino-offer sa pinapasukan mo ngayon. Saan mo naman gustong

lumipat?”

“Hindi kayo galit?” Bakas sa mukha niya ang pagkabigla.

“Bakit naman ako magagalit? Ayaw mo na ’ika mo ng kurso mo, di magpalit ka. Kaya naman kitang pag-aralin kahit hanggang kailan mo gusto, kahit mag-masteral at doctorate studies ka pa.”

Napangiti si Jerry, maluwang.

“Do whatever you think is right for you, Son. Huwag kang mag-alinlangan. Sabi mo nga, hindi ka na bata. So, hindi na kita papakialaman pa sa mga nais mong gawin sa buhay mo, pero nandito pa rin ako para umalalay sa ’yo. I am still your father, huwag mong kakalimutan.”

Masuyo nitong hinaplos ang ulo ng anak. Unti-unti nang nagkakaroon ng sariling buhay ang anak. Hindi magtatagal ay maghihiwalay na rin ang mundong ginagalawan nilang mag-ama.